# Bakunawa

**Munimuni**

Sinusubukan na naman
Ni Bakunawa kainin ang buwan
Unti-unting dumidilim

Nauubusan na naman
Na panggatong sa apoy, o kailan
Kaya magliliyab muli
Ang pusong matagal nang nanlalamig
Ooh...

Isip na matagal nang nananaginip
Kamalayan
Nawa'y dagli ka nang bumali-lik

Nakalimutan na naman
Mga pangakong pinanghahawakan
Tinahak ang kalawakan
Kinakailanga'y 'di natagpuan
Ooh...

Pusong matagal nang umaapaw
Nauubasan na't
Ngayo'y nauuhaw

Balang araw iluluwa rin ang buwan
Babalik ang liwanag ng nakaraan
Woah...
Ooh...

Tištěno z pisnicky-akordy.cz

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!